HALAW MULA SA KATITIKAN NG IKA-APAT NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD NG MOUNTS IGLIT-BACO NATURAL PARKIBNP-PAMB NA GINANAP NOONG IKA-20 NG NOBYEMBRE, 2019 SA AROMA FAMILY HOTEL, SAN JOSE, KANLURANG MINDORO

**KAPASIYAHAN BLG. 2019-08, SERYE NG 2019**
*(RESOLUTION NO. 2019-08, SERIES OF 2019)*

**KAPASYAHANG NAGHAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA ISASAGAWANG PAG-AARAL O PANANALIKSIK NG MINDORO BIODIVERSITY CONSERVATION FOUNDATION, INC. (MBCFI), NA PINAMAGATANG "DIETARY ANALYSIS OF TAMARAW (BUBALUS MINDORENSIS) IN MINDORO ISLAND, PHILIPPINES," SA NASASAKUPAN NG MOUNTS IGLIT-BACO NATURAL PARK (MIBNP)**

**SAPAGKAT,** ang MBCFI ay naglalayong gumawa ng pag-aaral at pagsusuri ukol sa mga kinakain ng Tamaraw upang matukoy kung saan sila maninirahan at maprotektahan ang kanilang habitat;

**SAPAGKAT,** ang naturang pag-aaral ay gagawin sa Mt. Gimparay, Oriental Mindoro at sa Mts. Iglit-Baco Natural Park at kinapapalooban ng apat na survey, dalawa (2) sa tag-init at dalawa (2) sa tag-ulan;

**SAPAGKAT,** bahagi rin ng pag-aaral ang pagsusuri ng mga dumi ng tamaraw upang matukoy ang species o uri ng halaman na kanilang kinakain;

**SAPAGKAT,** bahagi ng proseso sa anumang proyekto ang pagkuha ng mga kinakailangan permit, lalo't higit kung ang proyekto ay gagawin sa loob ng protected area at sa bahagi ng lupaing ninuno;

**SAPAGKAT,** bago mabigyan ng kinakailangang permit, anumang proyekto ay dumadaan sa kapulungang ito at nangangailangan ng kanilang pag-endorso;

**SAPAGKAT,** ang presentasyon ukol sa pag-aaral ay ginampanan ni Bb. Elyza Hazel P. Tan ng MBCFI na siya ring sumagot sa mga katanungan ng mga miyembro ng kapulungan; at

**SAPAGKAT,** pinangako ng MBCFI, sa pamamagitan ni Bb. Tan, na anumang resulta ng gagawing pag-aaral ay ilalahad sa kapulungan at mamimigay sila ng sipi.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** pagkaraang mapagnilay-nilayan sa pamamagitan ng deliberasyon at sa mosyon ni Ginoong Luis Caraan at pinangalwahan ni Ginoong Fernando Dalangin, **PINAGTIBAY, AT SA NGAYON NGA'Y PINAGTITIBAY,** ng Protected Area Management Board (PAMB), ang KAPASYAHANG NAGHAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA ISASAGAWANG PAG-AARAL O PANANALIKSIK NG MINDORO BIODIVERSITY CONSERVATION FOUNDATION, INCORPORATED (MBCFI), NA PINAMAGATANG "DIETARY ANALYSIS OF TAMARAW (BUBALUS MINDORENSIS) IN MINDORO ISLAND, PHILIPPINES," SA NASASAKUPAN NG MOUNTS IGLIT-BACO NATURAL PARK (MIBNP).

**NAPAGKAISAHAN DIN,** na ang pananaliksik na ito ng MBCFI, na gagampanan at pangungunahan ni Bb. Elyza Hazel P. Tan, ay isasakatuparan lamang matapos makakuha ng Gratuitous Permit mula sa DENR at FPIC mula sa NCIP.



Scanned by CamScanner

**NAPAGKAISAHAN DIN,** na ang kopya ng kapasyahang ito ay kailangang iindorso sa DENR at sa NCIP upang magamit ng MBCFI sa pagkuha ng kinakailangang Gratuitous Permit at Free and Prior Informed Consent (FPIC).

**KAYA PINAGTIBAY,** ngayong ika-20 ng Nobyembre 2019, sa bayan ng San Jose, lalawigan ng Kanlurang Mindoro.

---

***Inihanda at Pinatutunayan wasto:***

**ROBERT P. DUQUIL**
Punong Tagatala ng PAMB
ECOMS II/ PA Superintendent
Mounts Iglit-Baco Natural Park

***Pinatotohanang ito ay pinagtibay:***

**LORD PRIAM V. CORDOVA**
Punong Tagapatnugot
Provincial Planning Officer, PGO,
San Jose, Occidental Mindoro

***Pinagtibay:***

**HENRY A. ADORNADO, JR.**
Ang Punong Lupon ng PAMB
The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

Scanned by CamScanner